JANUARY
Makugihon

FEBRUARY
Mahigugmaon

MARCH
Matinabangon

APRIL
Matinahuron

MAY
Mahapsay og Malimpyo

JUNE
Maabtik og Musunod sa Insaktong Oras

JULY
Maantigo og Maabilidad

AUGUST
Maginhunahunaon para sa Uban

SEPTEMBER
Madaginoton

OCTOBER
Matinud-anon

NOVEMBER
Masaligan

DECEMBER
Maalampuon

Republic of the Philippines
Department of Education
Regional Office IX, Zamboanga Peninsula

5

Zest for Progress
Zeal of Partnership

# Filipino

## Ikalawang Markahan - Modyul 8:
## Pagtatala ng Impormasyon mula sa Teksto



Name of Learner: ___________________________

Grade & Section: ___________________________

Name of School: ___________________________

**Filipino – Ikalimang Baitang**
**Support Material for Independent Learning Engagement (SMILE)**
**Unang Markahan – Modyul 8: Pagtatala ng Impormasyon mula sa Teksto**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa **Batas Republika 8293, Seksiyon 176** na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | | |
|---|---|---|
| **Manunulat:** | Gina D. Bejar | |
| **Editor/Tagasuri:** | Sheila Mae M. Magale/Riela Angela C. Josol | |
| **Tagalapat:** | Franklin E. Benitez | |
| **Tagapamahala:** | Virgilio P. Batan, Jr., CESO VI- Schools Division Superintendent | |
| | Lourma I. Poculan | - Asst. Schools Division Superintendent |
| | Amelinda D. Montero | - Chief Education Supervisor, CID |
| | Nur N. Hussien | - Chief, Education Supervisor SGOD |
| | Riela Angela C. Josol | - Education Program Supervisor- Filipino |
| | Bernie P. Laranjo | - Public Schools District Supervisor |
| | Ronillo S. Yarag | - Education Program Supervisor, LRMS |
| | Leo Martinno O. Alejo | - Project Development Officer II, LRMS |

**Inilimbag sa Pilipinas ng**
**Department of Education – Region IX – Dipolog City Schools Division**
Office Address: Purok Farmers, Olingan, Dipolog City
Zamboanga del Norte, 7100
Telefax: (065)212-6986 and (065) 212-5818
E-mail Address: dipolog.city@deped.gov.ph

# Alamin

Magandang buhay mag-aaral!

Sa nakaraang aralin tungkol sa Estratehiya sa Pag-aaral ay natutunan mo ang tungkol sa pagbibigay kahulugan ng bar graph, pie, talahanayan at iba pa.

Sa modyul na ito ay hahasain ang iyong kaalaman sa pagtala ng mga impormasyong iyong mababasa sa mga teksto.

Pagkatapos ng araling ito, inaasahang:

- Naitatala ang mga impormasyon mula sa binasang teksto (F5EP-IIa-f-10)

| Aralin 2 | Pagtatala ng Impormasyon mula sa Teksto |
|---|---|

# Balikan

Magsisimula tayo sa pagsariwa sa kahanga-hangang kuwento ng isang bata.

Alam mo ba na sa murang gulang mo ay maaari kang tanghaling bayani? Tunghayan ang kuwentong ito.



Si Rona Mahilum ay isang batang walong taong gulang at nakatira sa isang liblib na baryo sa Divina Colonia, Sagay, Negros Occidental. Mahirap lamang sila. Nagtatanim ng kape ang kanyang mga magulang.

Isang araw bago umalis ang kanyang mga magulang ay kinausap nila si Rona.

“Rona, ikaw na ang bahala sa iyong mga kapatid,” ang sabi ng kanyang tatay. “Kami ng iyong ina ay pupunta sa palengke.”

“Huwag mong pabayaang lumaboy ang maliliit nong kapatid, anak. Ang ate mo, huwag nong kalimutang painumin ng gamut, ha?” dagdag na tagubilin ng kanyang nanay.

“Opo. Huwag po kayong mag-alala, Babantayan ko po silang maigi,” magalang na sagot ni Rona.

Pagkatapos ng hapunan ay niyaya na n i Rona ang maliliit na kapatid na sina Dado at Edgar na matulog. Umaasa silang nabenta lahat ang kapeng dala ng mga magulang nila.

Mahimbing na ang tulog ng magkakapatid nang nagising si Rona sa sobrang init at doon niya natuklasan na nasusunog ang kanilang bahay. Isa-isa niyang kinaladkad ang kanyang dalawang nakababatang kapatid at ang nakatatandang kapatid na babae na may sakit. Matapos mailabas lahat ang mga kapatid, tumakbo siya sa isang balon at nag-igib ng tubig na ibinuhos at ginamit na pamatay sa apoy ng nasunog nilang bahay.



Dahil sa matinding sunog sa iba’t ibang bahagi ng katawan, dinala siya sa Maynila upang ipagamot.

Bilang pagkilala sa kakaibang kabayanihan ni Rona siya ay ipinagamot nang libre ni G. Alfredo Lim, dating alkalde ng Maynila na hangang-hanga sa kanya sa Ospital ng Maynila. Maliban dito, tumanggap siya ng isang milyong pisong gantimpala buhat sa pamunuan ng naturang lungsod.


Mga Tanong

Panuto: Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

1. Tungkol saan ang kwento?
2. Paano naging bayani si Rona Mahilum? Ibigay ang mga katangian niya.
3. Mabuti bang maging bayani? Patunayan.
4. Kung ikaw si Rona, gagawin mo rin ba ang ginawa niya?
5. Bakit si Alkalde Alfredo Lim ang tumulong sa kanya?

## *Tuklasin*

Panuto: Pag-aralan ang graph. Sagutin ang tanong sa bilang 1 at itala ang mga impormayon nito sa tsart sa ibaba.




1. Anong impormasyon ang ibinigay ng graph?

   A. Halaga ng paninda sa Lunes
   B. Napagbilhan sa Childrens's Store
   C. Naibentang paninda araw-araw
   D. Kita ng paninda sa buong linggo

2. Tsart

| Mga Araw | Halagang Napagbilhan |
|---|---|
| Lunes | P |
| Martes | P |
| Miyerkules | P |
| Huwebes | P |
| Biyernes | P |



# Suriin

Mahalagang matutuhan mo rin ang mga paraan sa pagtala ng impormasyon mula sa mga tekstong pang-impormasyon.

1. Pagtukoy ng lokasyon ng Talata

Mahalaga ang lokasyon ng talata sa paghanap at pagtukoy sa impormasyong kailangan. Dahil sa tulong ng paghanap ng nasabing lokasyon ay matatagpuan ang mga kailangang detalye at mahahalagang impormasyon sa isang teksto o seleksyong binabasa dahilan ng pagtala nito nang wasto.

Halimbawa:

[1] Isang araw, dumating ang mga inhenyero sa nayon, Hinahanap nila ang *Barangay Chairman* upang kausapin hinggil sa pagppatayo ng sampung poso artesyano sa plasa.

[2] "Nasa munisipyo po ang *Barangay Chairman* at kausap ni Mayor," ang sagot ng kalihim ng Barangay 574.

Sa bahagi ng kuwento sa itaas, madali mong matukoy ang lokasyon ng pagdating ng mga inhenyero na nasa talata 1 at ang lugar na kinaroroonan ng Chairman na nasa talata 2. Dito'y maitala na nang tama ang impormasyon tungkol sa kinaroroonan ng mga inhenyero at Barangay Chairman.

2. Pagtukoy sa Kailangang impormasyon sa Isang Pahapyaw na Pagbasa ng Seleksiyon.

Ang isang paraan ng pagtala ng impormasyon mula sa binabasang seleksiyon ay ang pahapyaw na pagbasa rito Sa gawaing ito, ang mahalaga'y ang mabilis na pagbasa sa mahahalagang salita sa loob ng pangungusap na siyang itatala. Samakatuwid pawang mahahalagang salita lamang ang dapat itatala. Hindi na kailangang isulat ang buong pangungusap o talata upang tumpak ang impormasyong maitala.

Halimbawa:

*"Aksidente ang dahilan kung bakit pinutol ang mga paa ni Boyong."*

Sa pangungusap sa itaas ang mahalagang salita na nagbibigay impormasyon kung bakit pinutol ang paa ni Boyong ay *aksidente.*


3. Pagsagot sa mga tanong na *ano, sino, saan, kalian, bakit at paano*.

Ang mga tanong na ito ay nakatutulong nang malaki bilang gabay upang ang lahat ng impormasyon ay maitala nang walang labis o kulang, Samakatuwid, tumpak at kumpleto ang mga impormasyong naitatala.

## Pagyamanin

**Gawain 1**


Panuto: Itala ang ipormasyon tungkol kay Rona na nabasa mo bahaging *Balikan* sa graphic organizer sa ibaba.



## Gawain 2

Basahin ang teksto tungkol sa COVID-19 at itala ang mahalagang impormasyon sa graphic organizer sa ibaba.

| |
|---|
| Ang Coronaviruses ay isang malaking pamilya ng mga virus na maaaring magdulot ng sakit mula sa karaniwang sipon hanggang sa mas malubhang sakit tulad ng Middle East Respiratory Syndrome (MERS-CoV) at Severe Acute Repiratory Syndrome (SARS-CoV) . Ang bagong coronavirus (nCoV) ay isang bagong uri na hindi pa nakilala sa mga tao. Maraming mga coronavirus ang natural na nakakahawa sa mga hayop, ngunit ang ilan ay naisip na kumalat sa hangin sa pamamagitan ng pag-ubo/pagbahing at personal na pakikipag-ugnay, o sa paghawak ng mga kontaminadong bagay at sa paghawak ng bibig, ilong, o mata ng kontaminadong kamay. Ang mga sintomas nito ay ubo, lagnat at nahihirapan sa paghinga. |



## Gawain 3

**Panuto:** Basahin ang isang balita mula sa pahayagan. Itala ang mga impormasyon nito sa tsart sa ibaba ayon sa mga gabay na tanong.

### 6,800 OFWs di-nakaalis

Umaabot sa 6,800 papaalis na mga *undocumented travel documents* ang hindi makaalis ng bansa makaraang pigilan ng mga kagawad ng Bureau of Immigration (BI) sa Ninoy Aquino International Airport simula pa noong nakaraang buwan ng Hulyo 1998 hangang sa buwan ng Marso ng taong kasalukuyan.

| 6,800 OFWs di nakaalis | |
|---|---|
| Bakit? | |
| Sino-sino ang pumigil? | |
| Saan ito nangyari? | |
| Kailan nagsimula? | |
| Hanggang kalian? | |

# *Isaisip*

**Gawain:** ***Dugtungan Tayo***

Isulat ang iyong natutunan sa pagdugtong sa pahayag na nasa kahon. Sundin ang pormat sa iyong sagutang papel.

*Natuklasan ko na...*
________________________________________
________________________________________
________________________________________

*Masasabi kong...*
________________________________________
________________________________________
________________________________________

*Natutuhan ko sa buong modyul na...*
________________________________________
________________________________________
________________________________________

# Tayahin

**A. Panuto:** Basahin ang editorial at itala ang impormasyong hinihingi sa bawat bilang. Isulat ang sagot sa patlang.

## Ang Kapaligiran

Pagmasdan natin ang ating mga kapaligiran, ang ating kalikasan. Nakalulungkot isipin ang mga darating pang panahon. Sabi sa isang sikat na awitin, ang ating kabataan kaya'y may puno pang aakyatin, may mga ilog pa kayang lalanguyan?

Anong mga puno pa ang kanilag aakyatin kung ang ating mga kagubatan ngayon ay nakakalbo na?

Sa kabilang dako, anong ilog pa ba sa kasalukuyan ang mapaglalanguyan na hindi magiging sanhi ng pagkakasakit, lalo na ang sakit sa balat?

Ang kabundukan katulad ng mga puno at ilog ay nawawala na rin. Ipinapapatag ito para gawing s*ubdivision* o *golf course*. O dili kaya'y ginagawang tambakan ng mga basura.

Nakatatakot ang mga suliraning ito. Ngunit ano ang magagawa ng tao sa mga bagay na nilikha ng Panginoon? Isipin natin ang kabataan sa mga susunod na henerasyon.

Sa halip na tayo'y magsisihan, simulan ngayon ang pagbabago. Dalawang katangian lamang ang dapat nating taglayin sa pagsisimula: respeto sa kalikasan, kapaligiran, at sa mga nabubuhay na nilalang ng Panginoon. Higit sa lahat, disiplina sa sarili. Sa pamamagitan nito, makikita natin ang maliwanag na bukas ng kabataan, masaya, mabango, at maaliwalas.

1. Dalawang mahahalagang tanong tungkol sa ating kapaligiran sa darating na panahon.
    - ______________________________
    - ______________________________

2. Ang kagubatan ngayon.
    - ______________________________

3. Ang ilog sa kasalukuyan.
    - ______________________________

4. Ang kabundukan ngayon.
    - ______________________________________________
    - ______________________________________________
    - ______________________________________________

5. Dalawang katangian na dapat taglayin upang maibalik ang kapaligiran sa dati.
    - ______________________________________________
    - ______________________________________________

6. Makikita sa mga kabataan sa darating na panahon kung taglay na natin ang respeto sa kapaligiran at disiplina sa sarili.
    - ______________________________________________

**B. Panuto:** Basahin ang isang balita at itala sa tsart sa ibaba ang mga impormasyong hinihingi.

**Project School Milk**

Patuloy na ipatutupad ang Project School Milk sa mga mag-aaral sa Unang Baitang ng paaralang bayan. Ang proyekto ay pinangungunahan ni Senador Franklin Drilon, Kagawaran ng Edukasyon (DepEd), Violeta Calvo, *Drilon Foundation, Tetra Pak Philippines, Inc., William Gothong and Aboitiz Shipping Inc., at Alaska Milk Corporation.* Layunin ng proyekto ang pagbibigay ng libreng gatas sa mga mag-aaral sa Unang Baitang ng paaralang publiko tuwing oras ng rises. Ayon sa mga pananaliksik sa Pilipinas at sa ibang bansa, maraming bata ang pumapasok nang hindi pa nag-aalmusal o bahagya nang nakakain sa umaga. Malaki ang epekto nito sa kanilang pag-aaral. Sinabi ni Senador Drilon na ang DepEd ay nakikipagtulungan sa mga pribadong ahensiya na nabanggit sa itaas tungo sa ikatatagumpay ng proyektong ito.

| Project Milk | |
|---|---|
| Para kanino? | 1. |
| Sino-sino ang nangunguna? | 2. |
| | 3. |
| | 4. |
| | 5. |
| | 6. |
| | 7. |
| | 8. |
| Ano ang layunin? | 9. |
| Bakit? | 10. |

# *Karagdagang Gawain*

Binabati kita sa matagumpay mong pagtugon sa iba't ibang gawain sa ating modyul. Batid kong marami ka nang imbak ng kaalaman. Ngayon ay sasagutin mo ang panghuling gawain natin.

**Panuto:** Basahin ang talambuhay ni Tandang Sora at itala ang mga mahahalagang impormasyon tungkol sa kanya ayon sa mga gabay sa ibaba.

## Ina ng Katipunan

Bago sumiklab ang himagsikang Pilipino laban sa mga Español, si Tandang Sora ay isang karaniwang mamamayan ng Banilad, Balintawak, Caloocan. Tahimik siyang nabubuhay sa piling ng kanyang mga anak.

Mayroon noong tindahan si Tandang Sora at dito niya naulinigan ang pagtatatag ni Andres Bonifacio ng lihim na kilusan ng mga Katipunero na ang layunin ay ibagsak ang paghahari ng mga Español sa ating sariling bayan.

Walumpo't tatlong taon noon si Tandang Sora, ngunit hindi ito naging sagabal upang siya'y makapaglingkod sa bayan. Naging ina siyang nagmamalasakit at nagpala sa mga nagugutom. Laging may handing mainit na sabaw at pagkain si Tandang Sora anumang oras dumating ang mga napapagod at nagugutom na Katipunero. Ginamot at inalagaan niya ang mga Katipunerong may sakit. Sa dilim ng gabi ay hinahatdan niya ng pagkain ang mga nagtatagong Katipunero sa liblib na bahagi ng kanilang bakuran.

Natiktikan ng mga Español ang lihim na pagtulong ni Tandang Sora sa mga naghihimagsik na Pilipino. Hinuli, ikinulong, at ipinatapon sa Guam. Matandang-matanda na noon si Tandang Sora nang siya'y nakabalik sa Pilipinas. Namatay siya, ang Ina ng Katipunan na walang iba kundi si Melchora Aquino sa gulang na 107.

## Susi sa Pagwawasto

**Tuklasin**
1. B.
2. B.
3. B.
4. B.
5. A.

**Pagyamanin**

Gawain 1
1. B.
2. D.
3. A.
4. C.
5. B.

Gawain 2

- Nakadepende sa sagot ng mag-aaral ang sagot at pag iiskor ng guro.

**Tayahin**
1. C.
2. C.
3. D.
4. D.
5. B.

## Sanggunian


www.gmanetwork.com;*https://www.gmanetwork.com/news/publicaffairs/iwitness/557784/paraisong-salat-dokumentaryo-ni-kara-david-ngayong-sabado-sa-i-witness/story/ ;* **Published** March 4, 2016 1:59pm

www.gmanetwork.com;*https://www.gmanetwork.com/news/publicaffairs/iwitness/665912/pag-asa-sa-pagbasa-dokumentaryo-ni-kara-david-ngayong-sabado-sa-i-witness/story/ ;* **Published** August 29, 2018 7:12pm